

# Pangangalagang Pangkalusugan sa Ontario: Pagkuha ng Emerhensiyang Pangangalaga

**Kung ikaw ay may nagbabanta-sa-buhay na emerhensiyang medikal, pumunta sa isang silid na pang-emerhensiya ng ospital o tumawag kaagad sa 9-1-1.** Ang opereytor ng 911 ay makakakuha ng interpreter para sa iyo, kung kailangan mo nito.

**1. Ang ospital ay isa lamang sa mga lugar na maaaring makakuha ng emerhensiyang pangangalaga.** Kung minsan ang mga tao ay pumupunta roon dahil hindi nila alam ang ibang lugar na maaaring puntahan. Upang matulungan kang maintindihan ang lahat ng iyong mga pagpipilian, makakakuha ka ng impormasyon dito tungkol sa:

- Kung saan makakakuha ng tulong para sa mga apurahan pero hindi nagbabanta-sa-buhay na problema
- Kung saan makakakuha ng tulong para sa mga nagbabanta-sa-buhay na problema

Mahamanap ninyo itong papel ng dapat malaman online sa iba pang mga wika sa [ontario.ca/healthcarebasics](http://ontario.ca/healthcarebasics). Pindutin ang buton na “Information in Other Languages.” Ang online na bersiyon ay magbibigay din sa inyo ng mga link upang makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa pagkuna ng pangangalagang medikal sa Ontario.

## **Kung saan makakakuha ng tulong para sa mga apurahan pero hindi nagbabanta-sa-buhay na problema**

**2. Sino ang makakatulong sa akin kung ako ay may-sakit o napinsala at hindi sigurado kung ano ang gagawin?**

Tawagan ang Telehealth Ontario sa 1-866-797-0000. Ito ay libre, kompidensiyal na serbisyo sa telepono na matatawagan ninyo anumang oras, gabi o araw. Makakakuha kayo ng payong pangkalusugan o pangkalahatang impormasyong pangkalusugan mula sa isang nars. Ang nars ay tutulong sa inyo na magpasiya kung kayo ay dapat:

- mag-alaga ng sarili sa bahay
- gumawa ng appointment sa iyong doktor
- pumunta sa isang klinika
- pumunta sa isang silid na pang-emerhensiya ng ospital

**3. Saaan ako pupunta kung kailangan ka ng mabilis na tulong, pero ang aking problema ay hindi nagbabanta-sa-buhay?**

Tawagan ang inyong doktor ng pamilya, Family Health Team o Nurse Practitioner Clinic upang malaman kung kayo ay matitinginan nang walang appointment o sa mga oras na pinahaba. Kung ikaw ay walang doktor ng pamilya, maaari kang bumisita sa isang klinika na hindi kailangan ng appointment. Ang tsart na ito ay nagsasabuo ng iyong mga pagpipilian.

<b>Kung ikaw ay may apurahang problemang tulad nito:</b>	<b>Kumuha ng tulong dito:</b>	<b>Paano sila makakatulong:</b>
Trangkaso, ubo at sipon, maliliit na pinsala ng katawan, at iba pang matagal nang mga problemang medikal	Isang doktor ng pamilya o klinikang hindi kailangan ng appointment	Maaari ka nilang tingnan nang walang appointment sa mga regular o pinahabang oras
Mga pinsala sa mata, sugat, baling kamay o paa, X-ray at mga pagsusuri sa laboratoryo.	Sentro ng Apurahang Pangangalaga	Makakakuha ka ng tulong 24 oras sa isang araw, kabilang ang mga araw ng Sabado at Linggo, nang walang appointment

#### **4. Paano ako makakahanap ng doktor o ibang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan?**

Magpatala sa **Health Care Connect**. Ikaw ay maaaring magparehistro para sa libreng serbisyong ito online o tumawag sa 1-800-445-1822. Tiyakin na mayroon kang may-bisang kard para sa **Ontario Health Insurance Plan (OHIP)**.

#### **5. Saan ako pupunta kung ako ay may apurahang problemang medikal na hindi kayang gamutin ng aking doktor ng pamilya?**

Pumunta sa iyong pinakamalapit na klinikang walang-appointment o Sentro ng Apurahang Pangangalaga. O, tawagan ang iyong Family Health Team kung nakatala ka sa isang ganito. Makakakuha ka ng tulong sa araw, sa gabi sa mga araw ng Sabado at Linggo. Ang mga sentrong ito ay nakakatulong sa mga problemang tulad ng mga pinsala sa mata, sugat, baling kamay o paa, X-ray at mga pagsusuri sa laboratoryo. Hindi mo kailangan ng appointment – basta pumasok kung kailangan mo ng tulong. At huwag kalimutang dalhin ang iyong kard ng OHIP.

### **Kung saan makakakuha ng tulong para sa mga nagbabanta-sa-buhay na problema**

#### **6. Kailan ako dapat pumunta sa isang kuwartong pang-emerhensiya ng ospital?**

Ang pang-emerhensiyang kuwarto ay tinatawag din na ER. Ang isang ER ay nagkakaloob ng apurahang pangangalagang medikal at pag-opera sa mga pasyente sa isang ospital. Pupunta ka lamang sa isang ER para sa isang sakit o pinsala na maaaring nagbabanta-sa-buhay.

#### **7. Maaari ba akong tumawag ng ambulansiya upang dalhin ako sa isang silid na pang-emerhensiya (ER)?**

Ang Ontario ay nagkakaloob ng mga serbisyo ng ambulansiya sa himpapawid at lupa para sa mga pinakaapurahang emerhensiyang pangkalusugan. Ang mga ambulansiya ay maaaring magdala sa iyo sa ER nang mabilis at magkaloob ng mga sanay na tao upang tulungan ka habang nakasakay. Sa daan, ang kanilang mga sirena ay naglilinis ng landas sa trapiko sa pamamagitan ng pagbibigay ng babala sa ibang mga sasakyan na magbigay-daan.

Kung kailangan mo ng ambulansiya patungo sa ospital, ang Ontario Health Insurance Plan (OHIP) ay magbabayad para sa karamihan ng gastos. Kakailanganin mong magbayad ng maliit na fee (\$45).

**Tandaan:** Kung ang doktor na tumingin sa iyo sa ospital ay naniniwala na ang iyong pagsakay sa ambulansiya ay hindi pangangailangang medikal, dapat kang magbayad ng \$240.

## **8. Paano ako tatawag ng ambulansiya?**

Upang tumawag ng ambulansiya, idayal ang 911 mula sa anumang telepono. Ang opereytor ng 911 ay makakakuha ng interpreter para sa iyo kung kailangan mo nito. Magtatanong sila tungkol sa iyong problemang pangkalusugan at magpapadala ng ambulansiya kung kailangan mo nito. Ang iyong tawag ay libre mula sa anumang telepono.

## **9. Kailangan ko ba ng kard ng OHIP upang magamit ang silid na pang-emerhensiya (ER)?**

Sa isang emerhensiya, gagamutin ka ng mga ospital nang hindi muna tinitingnan ang iyong kard. Pero kailangan mong ipakita ang iyong kard sa huli kung gusto mong ang Ontario Health Insurance Plan (OHIP) ang magbayad para sa iyong mga bayarin sa ospital.

## **10. Ano ang mangyayari kapag bumisita ako sa isang silid na pang-emerhensiya (ER)?**

Ito ang malamang na mangyari pagdating mo:

- Una, kailangan mong magpatala sa pangharap na mesa ng ER. Ito ay nagbibigay ng kakayahan sa mga tauhan na malaman na ikaw ay narito at ano ang iyong problema. Kung ang iyong problemang medikal ay nangangailangan ng kaagad na aksyon, maaari kang tingnan kaagad ng isang nars o doktor.
- Kasunod, titingnan ka ng isang nars ng ER. Tinitiyak ng nars na ito na ang mga taong pinakamatindi ang sakit ang unang titingnan ng mga doktor.
- Kung kailangan mong maghintay, malamang na paupuin ka sa isang lugar na hintayan.
- Tatawagin ng tauhan ang iyong pangalan sa sandaling handa na ang silid ng pagsusuri. Ang silid ng pagsusuri ay malamang na may higaan at silya. Ito ay maaari ring may ilang kagamitang medikal. Maaari kang maghintay muna roon upang matingnan ng doktor.
- Kapag dumating ang doktor, kakausapin ka niya tungkol sa iyong problemang medikal at susuriin ka. Sa puntong ito, ang doktor ay magpapasiya kung ano ang mangyayari sa susunod. Halimbawa, maaaring kailangan mo ng X-ray o isang pagsusuri. Maaaring kailanganin mong maghintay para sa iyong mga resulta.

Sa sandaling makakuha ang doktor ng karagdagang kaalaman tungkol sa iyong problema, maaari kang gamutin at pauwiin. O, kung ang iyong kaso ay mas seryoso, mananatili ka sa ospital para sa iba pang mga pagsusuri o paggamot.

## **11. Kung pupunta ako sa isang silid na pang-emerhensiya (ER), gaano katagal ako kailangang maghintay?**

Maraming bagay na maaaring makaapekto sa kung gaano karaming oras ang gugugulin mo sa isang ER:

- Kung gaano kaseryoso ang iyong kondisyon
- Ang oras at araw na pumunta ka sa ER
- Ang laki at lokasyon ng ospital na binisita mo
- Gaano kaabala ang ER dahil sa mga bagay na tulad ng mga malalaking aksidente o biglang paglaganap ng trangkaso
- Kung kailangan mong manatili sa ospital para sa pag-opera o ibang paggamot

Maaari kang makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa mga oras ng paghihintay sa ospital online.

**12. May mga tanong ako tungkol sa paggamit ng sistema ng pangangalagang pangkalusugan sa Ontario.  
Sino ang maaari kong tawagan?**

Tawagan ang ServiceOntario, INFOLine sa pagitan ng 8:30 am hanggang 5:00 pm. Ang mga tauhan ay makakatulong sa iyo sa Pranse, Ingles at 20 iba pang mga wika. Tumawag sa:

- 1-866-532-3161
- TTY 1-800-387-5559
- Sa Toronto, TTY 416-327-4282

Kumuha ng karagdagang kaalaman online sa [health.gov.on.ca](http://health.gov.on.ca).